NJ FAMILYCARE HEALTH PLANS

Affordable health coverage. Quality care.

| HMO Plans ng Bawat County | Atlantic | Bergen | Burlington | Camden | Cape May | Cumberland | Essex | Gloucester | Hudson | Hunterdon | Mercer | Middlesex | Monmouth | Morris | Ocean | Passaic | Salem | Somerset | Sussex | Union | Warren |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Aetna Better Health® of New Jersey | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Fidelis Care | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Horizon NJ Health | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| UnitedHealthcare Community Plan | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Wellpoint | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

aetna™
Aetna Better Health® of New Jersey

Available sa LAHAT ng mga county

## Aetna Better Health® of New Jersey 1-855-232-3596 • TTY 711 (24/7) www.aetnabetterhealth.com

### Mas maraming makukuha sa Aetna Better Health

*Benefits, rewards, at plan perks na hindi mo dapat ma-miss*

- I-access ang pinakamahusay na local providers - walang referrals na kinakailangan
- Komprehensibong dental care at vision care,
- Wellness exams,
- Maternity care* (Care management, Mga Serbisyo ng Doula, Breastfeeding supplies at Suporta), at
- Mga serbisyo ng pharmacy.*

**Ang mga co-pay ay maaaring umaplay para sa ilang NJ FamilyCare members*

### Dental Home Program para sa buong pamilya

Mayroon na kaming programa para masigurado na ikaw at ang iyong pamilya ay may primary care dentist (PCD) at isang dental home, available sa lahat ng mga edad.

### Your Neighbor in Better Health

Bisitahin kami sa Healthcare Central sa Newark, New Jersey para sa tulong sa:

- Pag-sign up para sa NJ FamilyCare
- Paghanap ng provider
- Pag-unawa sa proseso ng renewal para sa NJ FamilyCare
- Unawain ang iyong Aetna Better Health benefits

Nagho-host kami bawat buwan ng isang healthy food giveaway at isang libreng laundry day!

### Access sa isang 24/7 nurse line para sa payo sa kalusugan

Tumawag sa 1-855-232-3596 (TTY: 711) at pindutin ang 4. Ang lahat ng mga nurse ay laging handang tumulong.

### Kumita ng rewards para sa kalusugan at kabutihan

Ang aming incentive program ay nagbibigay ng rewards sa mga miyembro kapag nakompleto nila ang mga eligible health screening tulad ng:

- **Well Child Visits** (3-21 taong-gulang)
- **Mammogram** - Breast Cancer Screening (bawat taon mula 40-74 taong-gulang) at Cervical Cancer Screening (pap test) (simula 20-taong-gulang)
- **Lead Screening** (0-6 ang edad)
- **Postpartum Care** (7-84 araw pagkatapos mo manganak. Ang C-section ay maaaring mag-require ng dalawang pagpunta)

Tumawag sa Member Services para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa.

*Ikaw ay dapat isang Aetna Better Health member nang isang taon para maging eligible sa program.*

***Kapag kalusugan ang iyong iniisip, kami dapat ang unang naiisip.***

FIDELIS CARE

Available sa LAHAT ng mga county, maliban sa Hunterdon

## Fidelis 1-888-453-2534 • TTY 711 www.fideliscarenj.com

**Inuuna Ka Namin:** Sa Fidelis Care, inuuna namin ikaw at ang iyong pamilya. Ibig sabihin nito'y makukuha mo ang pangangalaga at mga serbisyong kailangan mo para manatiling healthy at para mamuhay nang masaya.

**Walang Referrals na Kinakailangan:** Maaari mong piliing bisitahin ang alinman sa aming in-network specialists nang hindi nangangailangan ng referral.

**My HealthPays Rewards Program:** Kumita ng reward dollars sa pamamagitan ng gift cards kapag nakompleto mo ang mga aktibidad sa kalusugan tulad ng mga rutinang checkup bawat taon.

**Prenatal Rewards Program:** Ang programang ito ay tumutulong sa aming moms-to-be na mag-focus sa pananatiling healthy at magpunta sa lahat ng kanilang mga appointment sa doktor habang sila'y buntis.

Ang mga miyembro na nakakakompleto sa programa ay maaaring makakuha ng libreng regalo.

**24-Hour Nurse Advice Line:** Ang lahat ng mga miyembro ay makakatawag para makakuha ng medikal na payo mula sa registered nurses 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, anumang araw ng taon.

**Mga Serbisyo ng Doktor (Provider):**

- **PCP:** Ang isang provider ay ina-assign sa bawat miyembro para bigyan siya ng pangangalaga o para i-refer siya sa isang espesyalista.
- **Mga Reseta ng Gamot:** Coverage para sa gamot na ibinigay ng iyong providers.

**Tulong sa Miyembro:**

- Personal na tulong sa paggawa ng mga appointment sa doktor, social services, at marami pang iba.
- Ang lahat ng mga materyales ay makukuha sa Ingles, Espanyol, at iba pang wika kapag ito'y nirequest.
- May makukuhang mga serbisyo sa translation o pagsasalin sa ibang wika para sa mga miyembrong may kahirapan sa pandinig o nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles.

**Community Resources:** Ikokonekta ka ng aming dedikadong CommUnity Assistance Line sa local, community-based services tulad ng pagkain, transportasyon, childcare, at marami pang iba.

**Care Management:** Kami ay nag-aalok ng targeted care management programs sa mga bata at adults. Kabilang sa ilang mga programa ang:

**• Hika • Diyabetis • HIV/AIDS • High Risk Pregnancy**

Ang care managers ay trained para tulungan ang mga miyembro, ang kanilang mga pamilya at ang kanilang mga PCP na asikasuhin ang mga serbisyo (kasama ang referrals sa special care facilities para sa highly specialized care) na maaaring kailanganin para pamahalaan ang mga sakit. Malaking desisyon ang pumili ng isang health care plan, at nais naming makuha mo ang facts na kailangan mo para gumawa ng desisyon na tama para sa iyo.

NJHBC-HMO-Tag-0424

Available sa LAHAT ng mga county

## Horizon NJ Health | 1-800-682-9090 • TTY 711 | www.horizonnjhealth.com

### Para Manatiling Healthy Kayo at ang Inyong Pamilya

Ang kaisa-isang NJ FamilyCare plan mula sa Horizon Blue Cross Blue Shield of New Jersey. Kami ang iyong hometown health plan. Sa Horizon NJ Health mo makukuha ang benefits na hinahanap ng iyong pamilya.

- **Isa sa pinakamalaking provider networks** sa New Jersey — pumili mula sa mahigit sa **20,000 doktor**
- **Walang referrals** na kinakailangan para puntahan ang iyong dentista, Ob/Gyn, mag-iskedyul ng mammogram, o para sa rutinang eye care
- **Coverage para sa contact lenses at salamin** at iba pang vision benefits
- **Coverage para sa de-resetang gamot** para sa mga ibinigay ng iyong doktor, at para sa ilang mga gamot na hindi nangangailangan ng reseta
- **Nurse Helpline** na sasagot ng iyong mga medikal na tanong at **Members Services Helpline** na sasagot sa iyong mga tanong tungkol sa iyong plan, available sa iyo **24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo**

### Karagdagang health support programs na nagbibigay-diin sa iyo at sa iyong pamilya:

- **Managed Long Term Services & Supports (MLTSS) program** para sa mga táong nangangailangan ng mga serbisyo sa health care at pangmatagalang pangangalaga tulad ng home at personal care nang makapanatili sila sa kanilang mga tahanan
- **Healthy Pregnancy Program** na magsusuporta sa iyo hanggang sa iyong panganganak at sa unang 60 araw ng iyong sanggol. Kumuha ng mga rutinang Ob/Gyn na appointment, care management services, payo sa nutrisyon, at tulong sa pagpapasuso
- **Care Managers na available sa Mga Miyembrong may Special Needs** para makatulong na pahusayin ang kalidad ng pangangalaga sa aming mga miyembro
- Kinokonekta ka ng **Horizon Neighbors in Health** sa community at health resources para tulungan ka sa iyong landas patungo sa mas mabuting kalusugan at kabutihan
- Ang **Education Works** ay makakatulong sa iyo na makuha ang iyong high school equivalency diploma. Bibigyan ka namin ng custom plan na umaakma sa iyong buhay para tulungan kang maghanda at makuha ang iyong high school diploma. At ang pinakamaganda ay libre ito!

Ang pinakamahalaga para sa amin ay ang mabuting kalusugan ng iyong pamilya. Naririto kami para sa iyo kapag pinaka-kinakailangan mo kami.

Available sa LAHAT ng mga county

## UnitedHealthcare | 1-800-941-4647 • TTY/TDD 711 | www.uhccommunityplan.com

Sa **UnitedHealthcare Community Plan,** tinutulungan namin ang mga tao na mamuhay nang mas mabuti para sa kalusugan. Pinagsisikapan naming makamit ang misyon na ito sa NJ simula pa noong 1989.

### ANG BENEFITS NA KAILANGAN MO

- Primary Care Doctor para sa bawat miyembro
- Dental cleanings, check-ups, at dental work
- Eye exams at mga salamin o contact lenses
- Naaangkop na preventive care para sa bawat grupo ng edad, tulad ng mga bakuna, well visits, diabetic, asthma, at cardiac care
- Walang referrals na kinakailangan para puntahan ang iyong dentista, Ob/Gyn, mag-iskedyul ng mammogram, o para sa rutinang eye care
- Care management para magbigay ng impormasyon sa kalusugan at para tulungan kang pamahalaan ang iyong pangangalaga at mga serbisyo

### ANG KARAGDAGANG SUPORTANG KAILANGAN MO

- **Nurse Advice Line** – Kumausap sa isang nurse 24/7, araw-araw
- **Member Services** available 24/7, araw-araw
- **Healthy First Steps** programa para sa mga buntis na miyembro, mga bagong ina, at kanilang mga sanggol
- **FIDESNP** plan option para sa mga may Medicare at Medicaid coverage
- **Managed Long-Term Services & Supports** - programang nagbibigay-diin sa pagsilbi sa mga mahihina, mga matatanda, at mga indibidwal na may kapansanan; ito'y kombinasyon ng tradisyunal na health care benefits (mga pagpunta sa doktor, pagpapaospital, mga lab) at mga pangmatagalang serbisyo at suporta (pagbigay ng tulong sa pang-araw-araw na aktibidad sa tahanan o komunidad)

Available sa LAHAT ng mga county

## Wellpoint | 1-877-453-4080 • TTY 711 | www.wellpoint.com/nj/med

**Ipinagmamalaki ng Wellpoint (ang dating Amerigroup) na sinisilbihan nito ang mga miyembro ng NJ FamilyCare simula pa noong 1996, at nauunawaan namin kung ano ang ninanais mong makuha mula sa iyong health plan.**

Tutulungan ka naming mapakinabangan mo nang husto ang iyong benefits.

### ANG BENEFITS NA KAILANGAN MO

**Walang Referrals na Kinakailangan:** Maaari mong puntahan ang kahit sino man sa aming in-network providers, hindi lamang ang primary care, mga dentista, at mga OB/GYN.

**24-Oras na Nurse HelpLine:** Makakuha ng medikal na payo at impormasyon mula sa isang nurse 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. 833-731-2147 (TTY 711)

**Eye at Dental Benefits:** Makakuha ng rutinang preventive vision at dental care, kabilang ang $100 credit para sa contact lenses para sa mga kwalipikadong miyembro, select frames, at marami pang iba.

**Special Needs Care Management:** Ang lahat ng mga miyembrong may special needs ay may Care Manager na tutulong sa isang individualized na plano ng pangangalaga.

**Coverage para sa De-resetang Gamot:** Para sa gamot na kailangan mo para manatiling nasa mabuting kalusugan, at $15 bawat quarter para sa Over the Counter (OTC) items.

### ANG MGA EXTRA NA GUSTO MO

**Healthy Rewards:** Gift cards kapag nakokompleto ang mga inirerekomendang health screenings at wellness activities, tulad ng: lead screenings para sa mga bata, flu shots, at mga serbisyo sa diabetes, tulad ng dilated eye exam at Hemoglobin A1c testing bawat taon.

**Karagdagang Suporta para sa mga Ina:** Ito'y isang programa na makakatulong na magsuporta sa iyong pagbubuntis, panganganak, at mga unang ilang buwan ng iyong sanggol. Kumita ng Healthy Rewards na magagamit para sa mga stroller, car seats, at marami pang iba.

**Libreng Online Resources:** Para tulungan ang mga miyembro na makahanap ng pagkain, mga trabaho, housing, legal na payo, at iba pang mga bagay na maaaring kailanganin mo sa komunidad.

**Community Care Resource Centers** na mapupuntahan mo para makipag-usap sa isang Wellpoint representative nang harapan para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong benefits, mga programa at serbisyo sa komunidad, at para masagot ang iyong mga tanong.